

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Brampton lumilikha ng mas sustenableng mga kalapitbahayan

BRAMPTON, ON (Pebrero 17, 2021) – Sa araw na ito, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang Bramalea Sustainable Neighbourhood Action Plan (SNAP) para sa mga seksyong K, E at F ng Bramalea.

Inirerekumenda ng Bramalea SNAP ang serye ng mga aksyon para sa mga seksyong K, E at F na naglalayon na likhain ang konektadong system ng Eco Spaces at luntiang imprastruktura, isang ligtas at aktibong network ng transportasyon, isang nakakalusog ng sistema sa lokal na pagkain at mga pribadong harden, kahusayan sa bahay at gusali, mga inisyatiba sa pagpapaluntian para sa komersyal at institusyonal na mga ari-arian, at pagka-nakakabangon ng komunidad.

Pinapasulong ng SNAP ang Community Energy and Emissions Reduction Plan (CEERP) ng Lungsod. Lumilikha ang CEERP ng roadmap na magpapahusay sa katipiran sa enerhiya, babawas sa greenhouse gas emissions, lumikha ng bentahe sa ekonomiya, titiyak sa seguridad sa enerhiya, at magdadagdag sa pagkamadaling nakakabangon ng Brampton sa pagbabago ng klima.

Ang kumpletong report sa Plano sa Aksyon ay available [dito](#).

Background

Ang Aksyon sa Sustenableng Kalapitbahayan ay isang inobatibo, collaborative model para sa sustenableng urban renewal at aksyon sa klima na tumutuon sa sukatan ng kalapitbahayan. Ginabayan ng pinasadyang Plano sa Aksyon para sa piling kalapitbahayan, ang programa ay umaayon sa mga prayoridad ng munisipyo sa pagiging sustenable sa mga pangangailangan ng komunidad, tumutukoy sa integrated retrofit solution at nagtataguyod ng pagtutulungan sa pagitan ng mga ahensya ng publiko, mga organisasyon ng komunidad, mga negosyo, at mga residente. Bilang bunga, ang SNAPs ay nakakatulong sa paghahatid ng mga kahusayan ng programa, nagpapalakas sa mga residente, at nagpapamalas ng inobasyon.

Paunang dinebelop ng Toronto and Region Conservation Authority (TRCA), may higit sa isang dosenang SNAPs sa buong Ontario, na ang tatlo ay ngayon matatagpuan sa Brampton - Bramalea SNAP, County Court SNAP at Fletchers Creek SNAP.

Mga Link

- [Sustainable Neighbourhood Action Plans \(SNAPs\)](#)
- [Bramalea SNAP](#)
- [County Court SNAP](#)
- [Fletcher's Creek SNAP](#)
- [Community Energy and Emissions Reduction Plan \(CEERP\)](#)

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod, lumilikha ng mas sustenableng mga kalapitbahayan para makagawa ng totoong epekto sa pagbabago ng klima, at hinihikayat ang mas luntiang uri ng pamumuhay para sa mga residente. Nagsisikap tayo kasama ang mga partner sa Toronto at Awtoridad

sa Konserbasyon ng Rehiyon, Rehiyon ng Peel at Healthy Communities Initiative para makalikha ng sustenableng pagbabago sa mga seksyong K, E at F sa Bramalea sa pamamagitan ng Bramalea SNAP.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Pinapasulong ng Bramalea SNAP ang Enerhiya ng ating Komunidad at ang Plano sa Pagbabawas ng Emission para mabawasan ang ating kontribusyon sa pandaigdigang pagbabago ng klima at magtayo ng mas magandang kinabukasan. Nasa paglalakbay tayo para bawasan ang greenhouse gas emissions na nalikha sa Brampton ng 80 porsiyento bago lumipas ang 2050.”

- *Paul Vicente, Chair, Public Works and Engineering; Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 & 5, Lungsod ng Brampton*

“Ang Bramalea SNAP ay isang milestone sa pagiging sustenable para sa Wards 7 at 8. Ang plano sa aksyon ay magkatuwang na dinisenyo ng ating komunidad at ng mga stakeholder para ilarawan ang mga pangangailangan ng komunidad. Isang prayoridad ang pakikilahok ng komunidad para sa planong ito bawat hakbang ng daan.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8, Lungsod ng Brampton*

“Ang Bramalea ay may unique na kasaysayan at identidad sa Brampton, bilang unang pinlanong satellite na lungsod ng Canada noong 1960s. Ang mga pagpapaunlad na ito ay dinisenyo para paglingkuran ang mga residente ng Bramalea, at gawing mas malusog ang mga seksyong K, E at F at mas sustenable para sa lahat.”

- *Pat Fortini, Vice-Chair, Public Works and Engineering; Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga staff ng Lungsod ay dedicated sa paglikha ng sustenableng pagbabago sa pamamagitan ng Bramalea SNAP. Salamat sa aming mga partner, mga miyembro ng komunidad at mga stakeholder para sa kanilang parte sa paglikha ng ikatlong SNAP sa Brampton. Inaasahan namin ang pagpapatupad nito.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapatirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

MGA KONTAK SA MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca